Headline	Lalaki tigok sa kagat ng aso
MediaTitle	Philippine Star(www.philstar.com)
Date	15 Jul 2019
Section	NEWS
Order Rank	1
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Lalaki tigok sa kagat ng aso

KIDAPAWAN CITY, Philippines — Patay ang isang 24-anyos na lalaki matapos siyang kagatin ng isang asong gala sa Brgy. Bual Norte, Midsayap, North Cotabato.

Nakilala ang biktima na si Renan Valsote, ng Brgy. Bual Norte, Midsayap. Batay sa kuwento ng mga kamag-anak, noong Disyembre pa nakagat ng asong gala si Valsote ngunit sa halip na magtungo sa doktor para magpaturok ng anti-rabies vaccine ay sa albularyo o quack doctor lamang nagpagamot.

Pero nitong buwan lamang, si Valsote ay madalas na umanong lagnatin, nagsusuka at nakararamdam ng sobrang sakit ng katawan hanggang sa tuluyang lumala ang kalagayan nito. Dinala pa ang biktima sa ospital kamakalawa ngunit binawian din ng buhay matapos na kumalat sa kanyang katawan ang rabies batay sa pagsusuri ng mga doktor. Agad inilibing ang bangkay dahil sa payo ng Department of Health nitong Huwebes. Kaugnay nito, pinayuhan din ng DOH ang mga kamag-anak at lahat ng nakasalamuha ni Valsote na magpaturok ng anti-rabies vaccine sa mga ospital at health centers.